

# Ang Cagayan sa Panahon ng Rebolusyon 1895-1899: Pagtatagumpay ng mga Naghaharing Uri

**Ronaldo Mactal**

Mahalagang makilala ang ginampanang papel ng mga lalawigan sa kabuuang proseso ng rebolusyon ng 1896. Layunin ng pag-aaral na ito na buksan ang aklat ng kasaysayan ng Cagayan sa naging bahagi nito sa pakikibaka tungo sa kasarinlan ng Pilipinas.

Sa pamamagitan ng mga nakasulat na datos pangkasaysayan ay masusing sinuri ng pag-aaral na ito ang naging kalakaran sa Cagayan noong nagaganap ang rebolusyon. Napag-alaman sa mga ulat na ang pag-aaklas sa Cagayan ay nagkaroon na ng hulma bago pa man pumutok ang rebolusyon sa Maynila bansang 1896. Taong 1895 ay mayroon ng ulat sa Maynila ng pagsusuplong ng pamahalaang Espanyol sa lalawigan na may mga pilibusterong kumakalaban sa kanila sa lugar. Hindi tahimik ang kalagayan sa Cagayan sapagkat malaki ang ginampanan nito bilang kanlungan ng mga rebolusyunaryong Tagalog na napadpad sa lugar. Gayunpaman ang tagumpay ng rebolusyon ay natali lamang sa mga naghaharing uri batay sa kinalabasan ng mga sumunod na pangyayari kung saan ang pagtatatag ng pamahalaang Pilipino sa bayan ay naging paraan ng pagluklok ng mga kilalang ilustrado sa bayan sa kapangyarihang dati ay hawak ng mga Kastila.

## PAMBUNGAD

Ang rebolusyong Pilipino ang pinakamahalagang pangyayari sa mahabang panahon ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa pananakop ng mga dayuhan. Itinuturing na ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 hanggang 1902 ay ang kaganapan o tugatog ng pakikibakang Pilipino laban sa kolonyalismo. Ang panahong ito ang nagpamalas ng katapangan, pagkakaisa at pagsasakripisyo ng sambayanang Pilipino upang makamtan ang matagal na panahong pinapangarap na kalayaan.

Ang taong 1998 ang itinuturing na pinakatampok sa paggunita sa sentenaryo ng himagsikang Pilipino. Ngunit sa kabila ng iba't ibang mga aktibidad, mga pagpapahayag at iba pang palabas na naglalayong maitaas ang kaalaman at pakikisangkot ng nakararaming Pilipino bilang paghahanda sa pagdiriwang ay nanatiling walang pakialam at matamlay ang naging pagtanggap ng mga Pilipino. Nagmistulang walang silbi ang mga panawagang pakikisangkot para sa sentenaryo ng rebolusyon. Maging ang mismong panawagan ng partisipasyon ng Pangulo ng Pilipinas ay wala ring epekto.

Maraming mga maituturing na dahilan na makapagpapaliwanag sa mga kaganapang ito. Ang isang dahilan ng kawalan ng interes ng partisipasyon laluna sa mga lalawigan ay bunga ng kakulangan sa kaalaman ng marami ukol sa rebolusyong Pilipino at higit sa lahat ng kaugnayan at partisipasyon ng kanilang lalawigan sa rebolusyon. Ito ay bunga ng kakulangan ng pananaliksik at pag-aaral sa naging kaganapan at partisipasyon ng iba't ibang lalawigan sa rebolusyong Pilipino. Dahil sa kakulangan ng kaalaman sa naging partisipasyon ng kanilang

lalawigan o bayan sa rebolusyon, napawalan ang nakararaming Pilipino sa nasabing kaganapan. At karaniwan, hindi makita ng nakararaming Pilipino ang kahalagahan ng rebolusyong Pilipino sa kanilang sarili at sa kanilang lalawigan o lipunan dahil hindi nila ito maiugnay sa kanilang sarili o madama na sila ay bahagi ng nasabing kaganapan.

Ang isa sa mga lalawigan na nakararanas ng ganitong problema ay ang Cagayan. Ang kawalan ng partisipasyon at kasabikan ng nakararaming Cagayano sa pagdiriwang ng sentenaryo ng Rebolusyong Pilipino ay bunga ng kakulangan ng kanilang kaalaman sa kasaysayan ng kanilang lalawigan partikular na ang mga kaganapan at papel ng Cagayan sa Rebolusyong Pilipino. At bunga nito, hindi maiugnay ng nakararaming Cagayano ang kahalagahan at ang mga aral na maaaring mapulot sa pagdiriwang ng sentenaryo ng Rebolusyong Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, nilalayong matugunan ang nasabing problema. Nilalayong maipakita ang mga kaganapan at pangyayari sa lalawigan ng Cagayan sa panahon ng rebolusyong Pilipino. Susuriin din sa pag-aaral na ito ang ilang mga problema at isyu na naganap sa lalawigan ng Cagayan sa panahon ng rebolusyon at ihahambing ito sa mga kaganapan sa ilang dako ng Pilipinas o sa pambansang kaganapan. At higit sa lahat, aalamin ang mga aral na maaaring mapulot sa mga naganap sa Cagayan noong panahon ng rebolusyon at kung paanong hanggang sa ngayon ang mga nasabing aral ay nananatiling hadlang sa pagtatamo ng mga layunin ng Rebolusyong Pilipino ng 1896.

## Ang Cagayan sa Unang Yugto ng Rebolusyon (Hunyo 1895-Mayo 19, 1898)

Masasabing ang Cagayan sa unang yugto ng rebolusyon ay lubhang napakatahimik. Maliban sa ilang alingasngas ng pag-aaklas paminsan-minsan ay wala nang narinig pa. Ngunit isang halimbawa ng ganitong balitang pag-aaklas ay naganap bago pa lamang ang pormal na pagsisimula ng rebolusyon noong Agosto 23, 1896.

Ang balitang pag-aaklas na ito ay naganap bandang Hunyo 1895 sa bayan ng Aparri. Ang ilan sa mga mamamayan ng Aparri tulad nina Francisco Garcia, Esteban at Alfonso Donesa, Sabas Orros, Andres Danguilan, Lucas Battung, Bartolome Talamayan, Maria Trinidad, Esteban Almeda at Fructuoso Siloran ay isinuplong sa mga maykapangyarihan sa Maynila bilang mga pilibustero.[1]

Maliban pa rito, may mga kumalat ring balita na ang kapitan munisipal ng Aparri na si Don Pedro Alvarado ay mamumuno sa mga darating na araw ng isang pag-aaklas sa pakikipagtulungan o pakikipagsabwatan kina Manuel Faire ng Sto. Nino, Placido Maguigad ng Tuguegarao at maging ng kalihim ng Sangguniang Panlalawigan na si Dr. Ricerra.[2]

Ang mga nasabing personalidad ay naging mga pangunahing pinaghihinalaan (*suspects*) sa kilusang rebolusyonaryo sa Cagayan at ang ilan sa mga ito ay hinuli ng may kapangyarihan, ikinulong at ang iba pa ay pinahirapan ngunit kalaunan ay pinakawalan rin bunga ng kakulangan ng ebidensya. At nang tanungin si Fr. Julian Malumbres, na noo'y kura-paroko ng Aparri sa kanyang nalalaman sa mga nasabing balitang pag-aaklas ay sinabi niya na "wala siyang nalalaman o nababalitaan ukol sa mga ganitong pangyayari."[3]

Maliban pa rito, wala nang nabalitaan pang mga kaguluhan sa Cagayan. Ang mga Cagayano habang nakikipaglaban ang ibang mga Pilipino sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas para mapatalsik ang mga Espanyol ay abalang-abala naman sa pakikipagtulungan sa mga Espanyol sa pagpapaunlad ng lalawigan tulad ng pagboboluntaryo sa mga pagawaing bayan (partikular sa paggawa ng mga lansangan). Sa katunayan, matapos na lagdaan ang kasunduan sa Biyak-na-Bato ay wala ni anumang balita sa Cagayan na pansamantalang itinigil ang rebolusyon ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol.

Sa kabuuan, masusuma na ang tanging kaganapan sa lalawigan ng Cagayan sa unang yugto ng rebolusyon ay ang ilang balita ng pag-

aaklas na kaagad namang nasugpo bunga ng maagang pagkadakip sa mga pinaghihinalaaang pinuno ng kilusang rebolusyonaryo. Masasabing ito rin marahil ang dahilan kung bakit ang Cagayan ay nawalan ng partisipasyon sa unang yugto ng rebolusyon sa kadahilanan na hindi pa man nagsisimula ang pag-oorganisa ng kilusang rebolusyonaryo ay nasugpo na kaagad bunga ng pagdakip sa mga pinaghihinalaang pinuno o mamumuno rito. Maaari ring maituring na ang pinagdadakip ay mga liberal at progresibong mag-isip na Cagayano na sa palagay ng may kapangyarihan ay may posibilidad na sumapi at mamuno sa kilusang rebolusyonaryo. Ang mga nasabing pagdakip na ito ay lumikha ng matinding takot at pangamba sa mga tao na nagbigay daan upang ilayo na ang kanilang sarili sa mga kaganapan na may kaugnayan sa rebolusyon.

## Ang papel ni Gobernador Enrique Altamirano y Salcedo

Isa ring mahalagang dahilan sa kawalan ng interes ng mga Cagayano na makisangkot sa rebolusyon ay ang pamamahala ng gobernador sibil na Enrique Altamirano y Salcedo. Sa ilalim ng panunungkulan ni Altamirano ay ipinagbawal ang anumang uri ng pang-aabuso at pagmamaltrato sa mga katutubo ng kanyang mga kapwa Espanyol na ikinagalit ng mga ito sa kanya. Naging panuntunan ng kanyang pamunuan na kung hindi matanggap ng mga Espanyol na kanilang kapatid ang mga katutubong Cagayano ay dapat tratuhin ang mga ito bilang mga tao (*human beings*).

Bunga ng makataong patakaran ni Altamirano, siya ay napamahal sa mga katutubo. Ang mga tao ay nakipagtulungan at nakiisa sa kanyang mga proyekto tulad ng pagpapaunlad at pagpapaganda ng lalawigan. Ngunit matapos ang anim na buwang panunungkulan, siya ay pinabalik sa Espanya. Ang mga mamamayan ng Tuguegarao ay nag-organisa ng mga pagkilos upang tutulan ang nasabing kautusan. Ang tribunal ng Aparri ay nagpalabas ng isang resolusyon ng pasasalamat kay Altamirano sa kanyang pamumunong nakabatay sa katarungan at paglilingkod, at tinawag pa nila ito na isang kaibigan, na ang pangalan ay hinding-hindi na mabubura pa sa kasaysayan ng Cagayan.[4]

Ngunit nang muling mapabalik ang Partido Liberal sa kapangyarihan noon 1897, si Enrique Altamirano ay muling pinabalik sa kanyang dating posisyon. Nakabalik siya sa Aparri ng Abril 4, 1898 at kinabukasan (Abril 5) ay muling ipinagpatuloy ang kanyang dating gawain sa Tuguegarao.

Naging napakahalaga ang papel ni gobernador-sibil Enrique Altamirano sa pananahimik ng Cagayan sa unang yugto ng rebolusyon hanggang sa pagdating ng mga rebolusyonaryong Tagalog noong Agosto 25, 1898. Ang mabuting pamamahala ng mga prayle ay nakatulong din sa pagiging matapat ng mga Cagayano sa Espanya at karamihan pa sa mga ito ay nagboluntaryong tumulong sa pagdedepensa ng kapangyarihan ng Espanya sa Cagayan nang mabalitaan ng mga ito ang pagdating ng mga rebolusyonaryong Tagalog at mga puwersang Amerikano.

## ANG CAGAYAN SA IKALAWANG YUGTO NG REBOLUSYON (MAYO 19, 1898 - DISYEMBRE 13, 1899)

Noong buwan ng Abril, 1898, isang Tagalog na nagtratrabaho bilang alahero (*goldsmith*) sa Aparri na nagngangalang Pedro Arguelles ang napabalitang nagpapasimula ng pag-aaklas sa Cagayan. Sinasabing si Arguelles ay nakasakay sa barkong sinasakyan din ni gobernador-sibil Enrique Altamirano nang ito ay magtungo sa Cagayan ngunit hindi naman siya natagpuan nang siya ay hanapin sa barko.[5]

Kung ano man ang katotohanan sa balitang ito, dalawang malaking kaganapan ang unti-unting nangingibabaw sa pandinig ng mga Cagayano. Una ay ang pagdating ng puwersang Amerikano sa Pilipinas at ang pangalawa ay ang papalapit nang puwersa ng mga Rebolusyonaryong Tagalog sa lalawigan. Noong Mayo 3, 1898, natanggap ni Altamirano ang balitang ginapi ng mga Amerikano ang plotang Espanyol. Matapos ang isang linggo ipinahayag ito ni Altamirano sa isang pulong ng mga Espanyoles at principales sa Tuguegarao na ikinapanghina ng mga nakarinig.

Noong Hunyo 5, nakatanggap si Altamirano ng balita sa *jailwarden* ng Tuguegarao ng planong pagtakas ng mga bilanggo na sinasabing pakana ng mga sumusuporta sa rebolusyon na ang isa sa mga ito ay ang Hukom ng Kapayapaan (Justice of the Peace). Hindi naman naisagawa ang plano. Maraming mga haka-haka ang lumutang na kung nagtagumpay daw ang nasabing planong pagtakas ay pagpapatayin ang lahat ng mga Espanyol at mabuti na lamang ay napigilan ng gobernador ang nasabing plano.

Ang panahong ito ay punong-puno ng mga pangamba at di-masukat na takot ang naramdaman ng mga Cagayano. Maraming haka-haka at bali-balita ang biglaang kumalat tulad ng pagdaong ng mga barkong pandigma ng mga Amerikano sa Aparri at ang paglaganap at pagsiklab ng mga paglalaban sa mga lalawigan sa Katagalugan. Bunga nito, maraming mga pamilya sa Tuguegarao ang nagsilikas sa mga kagubatan.

Samantala, ang Cagayan sa panahon ding ito ay patuloy sa kanyang pakikipag-ugnayan sa labas ng Pilipinas o sa ibang bansa habang ito ay nakawalay halos sa nagaganap na rebolusyon. Noong Hunyo 13, isang barkong Aleman, ang *Clara*, mula sa Hongkong na may lulang arina, gaas, alak at iba pang pangangailangan ng mga Espayol sa lalawigan ang dumaong sa bayan ng Lallo. At noong ika-18 ng Hunyo, ito ay umalis ng may lulan namang tabako patungo ng Trieste at Liverpool, Inglatera. Kinabukasan, isang barkong Ingles naman, ang *Chittagen*, ang dumaong na may dalang mga pagkain at liham.[7]

Ang barkong Aleman na *Clara* ay muling dumaong sa Lallo noong Hulyo 1 at Hulyo 19 at ito ang nagdala ng balita ng pagbagsak sa kamay ng mga rebolusyonaryo ng maraming mga lalawigan tulad ng La Union at Ilokos. Samantala, si Gobernador Altamirano ay nakatanggap ng balitang paghingi ng sasakyang pandagat ng mga Espanyol mula sa Laoag, Ilocos Norte upang ilikas ang mga ito patungong Cagayan. Halos gabi-gabi ay may mga Espanyol mula Ilokos na umabot ng mga 150 (80 sa mga ito ay pari) ang dumadaong

sa Aparri at kabilang sa mga ito ang gobernador ng Ilokos na si Enrique Polo at ang obispo ng Vigan.

At sa kadahilanang halos bumagsak na sa kamay ng mga rebolusyonaryo ang mga karatig na lalawigan ng Cagayan sa hilagang Luzon, inaasahan na ng mga mamamayan ng Cagayan at mga puwersang Espanyol ang pagdating ng mga Rebolusyonaryong Tagalog.

## ANG PAGPAPALAYA NG MGA REBOLUSYONARYONG TAGALOG SA CAGAYAN

Samantala, ang Pamahalaang Rebolusyonaryo sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo ay kaagad nagbalak na magpadala ng puwersa sa Cagayan upang mapalaya ito sa kamay ng mga Espanyol. Ang nasabing puwersang rebolusyonaryo ay pinamumunuan nina Kol. Daniel Tirona (Unang Hepe), Major Jose M. Leyba (Pangalawang Hepe), at Major Manuel Victa (Pangatlong Hepe).[8]

Ang ekspedisyon sa Cagayan ng mga Rebolusyonaryong Tagalog ay dumaong sa Aparri ng Agosto 25, 1898. Sinasabing naagaw kaagad ng mga rebolusyonaryo ang mga bayan ng Camalaniugan, Aparri, Claveria, Lallo, Amulung at Tuguegarao nang halos wala ni anumang paglalaban maliban sa isang maliit na sagupaan sa pagitan ng ilang puwersang Espanyol (70th Regiment) na nakatanod sa Ilog Cagayan at mga rebolusyonaryo sa may baybayin ng bayan ng Claveria. Sa nasabing sagupaan, ikinamatay ito ng labing-isang Espanyol at ikinasugat ng apat na sundalo at pagkabihag ng isang korporal na Espanyol.[9] Sa panig naman ng mga Pilipino ay walang napabalitang namatay o nasugatan.[10]

Narito ang bahagi ng ulat ni Major Jose Leyba na may petsang Setyembre 27, 1898 sa kalihim ng Digmaan ukol sa nasabing labanan at pagpapalaya ng Cagayan sa kamay ng mga pwersang Espanyol:[11]

> Ikinararangal ko pong ipagbigay-alam sa inyo na kami ay nakarating ng Aparri nang ika-5 ng umaga noong ika-25 ng nakaraang buwan. Aming idinaong ang isang kompanya sa isang lugar na kung tawagin ay Linao, at sa aking mungkahi, kami ay nagtungo sa sumunod na

bayan na ang tawag ay Camalaniugan, kung saan ay aming ibinaba ang ikalawang kompanya upang maharang ang mga puwersang magtatangkang magtungo paitaas sa bayan ng Lalloc (ngayon ay Lallo). Ako ay nagtungo sa dalampasigan upang mapigilan ang mga puwersang manggagaling sa Tuguegarao. Matapos nito, si Koronel (Tirona) at Major Victa ay umalis patungong Aparri na may dalang dalawang kompanya.

Akin ding nakaligtaang sabihin na kami ay nakasagupa ng isang pulutong ng mga kaaway mula sa 70th (Regiment) sa may ilog, kung saan aming hiningi ang kanilang pagsuko. Ang kanilang kasagutan ay "Mabuhay Espana" at kasunod ay ilang putok. Bunga nito ay napilitan ang Koronel na gumanti ng putok, at ang resulta ay labing-isang patay sa kanila, isa sa mga ito ay 2nd *lieutenant*, at apat na sugatan. Isang kapitan at isang korporal na Espanyol ang nabihag, at ang iba pa sa mga nalalabing puwersa ng kalaban ay pinalaya bunga ng kautusan ng Koronel.

Matapos na mamalagi sa Lalloc (Lallo) nang mga dalawang araw, ako ay nakatanggap ng balita na ang Aparri ay sumuko kasama ang mahigit na isandaang katao na hindi man lamang nangailangan ni isang putok, at ang tropa na aming ibinaba sa Linao ay nagtungo sa Claveria, at doo'y tinanggap ang pagsuko ng isang balangay ng animnapung katao na doo'y nakatanod. Kinabukasan, ako ay nagpadala ng pananalita sa Tuguegarao upang hingin ang kanyang pagsuko. Ang kahilingang ito ay tinanggihan. Bunga nito, aking ipinagpatuloy ang paglakad kasama ang tatlong kompanya, at nang aming marating ang bayan ng Anulong (Amulung) na karatig-bayan ng Tuguegarao, isang kapitang Espanyol ang nagpakilala at humingi ng isang pulong tungkol sa magiging gabay ng pagsuko. Matapos ang mahabang usapan, ang pagsuko ay napagkayarian. Sa kabila nito, patuloy ang pag-iingat upang hindi masorpresa at aming pinasok ang bayan ng nakahanay pandigma. Sa kabutihang palad, sila'y tumupad sa kanilang pangako at isang puwersa na binubuo ng 149 katao ang naisuko sa amin. Nais kong ipagbigay alam sa inyo na ang tanging napagkasunduang alituntunin ng pagsuko ay ang paggalang sa buhay at bunga nito ay aking pinagkukuha ang lahat ng salapi na kanilang naitago.

Sa nasabi ring ulat, ibinalita ni Major Jose Leyba ang pagkabihag ng maraming mga prayle na umabot ng 127 katao kasama na ang Obispo ng Vigan. At ayon pa rin kay Kol. Daniel Tirona, kasamang nakumpiska sa Aparri sa Obispo ng Vigan ang gintong nagkakahalaga ng $4,000 at $17,000 pilak.[12]

Matapos ang walong araw na paghihintay kay Major Victa na hahalili sa kanya bilang tagapamahala ng mga puwersang rebolusyonaryo sa Tuguegarao ay nagtungo si Major Jose Leyba sa Isabela at ng lampas kalagitnaan ng Setyembre, 1898 ay narating ang Nueva Vizcaya.

Bunga ng pagkakasakop ng mga puwersang rebolusyonaryo sa lalawigan ng Cagayan, Isabela at Nueva Vizcaya, ang buong puwersang militar sa Lambak Cagayan ay napasailalim ni Hen. Daniel Tirona (itinaas ang ranggo bunga ng mabilis na pagkakapalaya sa Lambak Cagayan). Siya rin ang tumayong punong militar sa lalawigan ng Cagayan sa kadahilanang ang kanyang base ng operasyon ay sa Tuguegarao. Samantala si Kol. Jose Leyba (naitaas din ang ranggo) ay naging punong militar sa lalawigan ng Isabela at si Major Manuel Victa naman ang hinirang na punong militar sa lalawigan ng Nueva Vizcaya.

## Ang Rebolusyon sa Cagayan: Tagumpay ng Naghaharing Uri

Bilang pagsunod sa dekreto ni Aguinaldo ng Hunyo 18, 1898 na nag-uutos ng reorganisasyon ng pamahalaan sa lahat ng mga lalawigan at bayan na napalaya sa mga Espanyol, si Daniel Tirona bilang pinuno ng ekspedisyon ay kaagad nangasiwa sa pagdaraos ng halalan sa iba't ibang bayan. Noong Agosto 27, 1898 ginanap ang pinakaunang halalan sa bayan ng Aparri at ang pinakahuling halalan ay naganap noong Oktubre 30, 1898 sa isla ng Babuyan.

Ang dekreto ni Aguinaldo ay nagtakda rin ng mga kwalipikasyon ng mga botante. Sa kasamaang-palad, ipinahayag ng dekreto na ang makalahok lamang sa mga halalan ay ang mga *principales* at *ilustrado* na siya ring nakaaangat sa lipunan sa ilalim ng pamahalaang Espanyol.

Ang mga nahalal na mga pinuno ng bawat bayan (*jefe del pueblo*) ay galing din sa mga uring ito. Kaya kapuna-puna na ang pinakamaraming botante sa isang bayan ay umaabot lamang sa 388 (Tuguegarao) samantalang ang pinakamababa ay umaabot naman ng 18 botante at ito ay sa bayan ng Buguey at Dalupiri. May pagkakataon din na hindi man lamang nakuha ng inihalal na *jefe del pueblo* ang kalahati ng kabuuang bilang ng botante tulad ng mga bayan ng Amulung (86 mula sa 194 na botante), Aparri (14 mula sa 49), Babuyanes (11 mula sa 24), Buguey (8 mula sa 18), Camiguing (9 mula sa 19), at Dalupiri (8 mula sa 18). Ang talahanayan sa ibaba ang magpapakita ng kabuuang datos sa naganap na halalan sa iba't-ibang bayan sa Cagayan:

| **Bayan** | **Petsa ng Halalan** | **Kabuuang Bilang ng Botante** | **Nahalal na jefe del pueblo** | **Bilang ng boto ng jefe del pueblo** |
|---|---|---|---|---|
| Abulug | Setyembre 9 | 170 | Don Clemente Gabbauan | 123 |
| Alcala | Setyembre 19 | 128 | Fernando Gannaban | 81 |
| Amulung | Setyembre 21 | 194 | Martin Aquilo | 86 |
| Aparri | Agosto 27 | 49 | Jacobo Alameda | 14 |
| Babuyanes | Oktubre 30 | 24 | Eustaquio Fernando | 11 |
| Baggao | Setyembre 30 | 36 | Rafael Catolico | 34 |
| Buguey | Agosto 29 | 18 | Eusebio Limu | 8 |
| Camalaniugan | Setyembre 2 | 34 | Domingo Littaua | 34 |
| Camiguing | Oktubre 20 | 19 | Mariano Limon | 9 |
| Claveria | Setyembre 12 | 70 | Mariano Cabal | 67 |
| Cordoba | Setyembre 20 | 49 | Hermenegildo Liggayu | 28 |
| Dalupiri | Oktubre 23 | 18 | Pablo Baltazar | 8 |
| Enrile | Setyembre 26 | 169 | Vicente Gacutan | 95 |
| Gattaran | Setyembre 17 | 31 | Andres Guzman | 31 |
| Iguig | Setyembre 2 | 58 | Don Blas Rey | 51 |
| Lalloc | Setyembre 6 | 54 | Mariano de Leon | 52 |
| Malaueg | Setyembre 29 | 22 | Candido Gundan | 18 |
| Mauanan | Setyembre 29 | 27 | Jorge Cabbuag | 16 |
| Nassiping | Setyembre 18 | 31 | Cristeto Macasaddu | 30 |
| Pamplona | —— | —— | Gaspar Ifurung | —— |
| Peñablanca | Setyembre 24 | 120 | Agustin Saquin | 89 |
| Piat | Setyembre 30 | 31 | Manuel Genoveza | 17 |
| Sanchez Mira | Setyembre 18 | 40 | Catalino Pulido | 19 |
| Santo Niño | Oktubre 1 | 55 | Manuel Fayre | 50 |
| Solana | Setyembre 27 | 131 | Vicente Carag | 72 |
| Tuao | Setyembre 28 | 41 | Fausto Baligod | 30 |
| Tuguegarao | Oktubre 11 | 388 | Pedro Cuntapay | 287 |

At ayon pa rin sa dekreto ng Hunyo 18 ni Aguinaldo, ang mahahalal na pinuno ng bawat bayan ang siyang maghahalal ng mga magiging pinuno ng lalawigan at ang magiging kinatawan nito sa Kongreso ng Pilipinas. Noong Nobyembre 3, 1898 naganap ang nasabing halalan sa bayan ng Aparri at ito'y nilahukan lamang ng 24 botante. Ang mga nahalal ay ang mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Jefe Provincial | - | Don Vicente Nepomuceno y Siriban, isang abogado |
| Konseho ng Pulisya | - | Don Esteban Quinto y Masigang, isang dating kapitan |
| Konseho ng Hustisya | - | Don Antonio Carag y Saddul, isang eskribano; at, |
| Konseho ng Pananalapi | - | Don Pablo Guzman y Pagulayan, isang parmasyutiko. |

Samantala si Don Vicente Guzman y Pagulayan, isang abogado, ang napiling kinatawan ng lalawigan sa Kongreso ng Malolos.

## ANG PAGIGING SALAWAHAN AT DOBLE KARA NG MGA NAGHAHARING URI

Bunga ng dekreto ni Aguinaldo noong Hunyo 18, 1898, ang mga nailuklok sa pamahalaan sa panahon ng rebolusyon sa Cagayan ay hindi nangangahulugan ng pagbabago ng istraktura ng lipunan. Ang mga naghaharing-uri noong panahon ng Espanyol ay nanatiling makapangyarihan sa bagong pamahalaan. Masasabing walang idinulot na pagbabago sa lipunan ang rebolusyon sa Cagayan maliban sa pagkakaalis sa posisyon ng mga Espanyol at pagpapalit sa kanila ng mga katutubong Cagayano na nagsipaglingkod din sa pamahalaang Espanyol.

Bunga nito, ang mga opisyal sa lalawigan ng Cagayan sa panahon ng rebolusyon ay naging salawahan sa kanilang pagganap sa tungkulin. Sa kanilang pagtupad sa tungkulin at pagdedesisyon, lagi nitong isinasaalang-alang at pinangangalagaan rin ang damdamin at interes ng kanilang dating panginoon at mga kaibigang Espanyol. Ang pagiging salawahang ito ng mga pinuno ng Cagayan ay nagbunga ng hidwaan sa pagitan ng pinunong militar (*military commander*) na si Daniel Tirona at sa pinunong sibil (*jefe provincial*)

na si Vicente Nepomuceno. Ang isang halimbawa ng hidwaan ay ukol sa pagnanais ni Nepomuceno na maging liberal ang pagtrato sa mga Espanyol na tinututulan ni Tirona.

Bunga ng hidwaang ito, si Daniel Tirona ay nagpanukala na kinakailangang palakasin ang kapangyarihan ng militar upang magsilbing hadlang sa paglakas ng burukrasyang sibilyan na nababahiran pa rin ng kaisipang absolutismo na namana pa sa Espanya. Ipinanukala pa rin niya kay Aguinaldo na ang buong Hilagang Luzon —Ilokos, Cagayan, ang mga di-Kristyanong distrito ng La Union, Tarlac at Pangasinan ay dapat ilagay sa pamamahala ng isang heneral na magbabalik ng kaayusan at magpapahinto sa pagkakahati ng opisyal na militar at sibil.[15]

Ang alitan sa pagitan ng punong militar at gobernador sibil ay hindi nalingid sa mga mata ng taong bayan. Isang liham ni Mabini noong Pebrero 26, 1899 kay Aguinaldo ay naglalaman ng sinabi sa kanya ni Ginoong Velez tungkol sa mga nangyari sa Cagayan na kung saan maraming opisyal at naglilingkod sa pamahalaan ay nagsisipagbitiw bunga ng alitan ng punong panlalawigan at ng punong Militar.[16]

Ang problemang ito sa mga lokal na naghaharing-uri sa lalawigan ay naidaing din ni Tirona sa kanyang liham kay Aguinaldo noong Enero 23, 1899. Kanyang inamin na siya ay naloko (deceived) ng pagpapanggap ng "makabayang" mayayamang principales ng Cagayan partikular na si Vicente Nepomuceno na nahalal na punong panlalawigan bunga ng kanyang pagtangkilik. Sinabi pa ni Tirona na ang mga nasabing *principales*, ang mga unang-unang Cagayano na tumanggap nang buong lugod sa mga puwersang Tagalog, ay makabayan lamang sa salita dahil kalaunan ay ayaw na ng mga itong ipangako ang kanilang sarili para sa kalayaan. Isang ginawang halimbawa ni Tirona ay ang paghingi niya ng tulong sa mga nasabing *principales* upang hadlangan ang

pagpasok ng mga Amerikano sa baybayin ng Cagayan noong kalagitnaan ng 1899 na kanilang tinanggihan.[17]

Ngunit dapat tandaan na halos tatlong buwan pa lamang ang nakalilipas ay may ilang liham ng pagkilala at pagsuporta sa Republika at pagtutol sa pananakop ng Amerika ang naipadalang komunikasyon at itong lahat ay may lagda ni Vicente Nepomuceno. Ang isang halimbawa nito ay ang liham na may petsang Enero 8, 1899. Narito ang ilang bahagi ng nasabing liham:

> Ipinagbibigay alam po sa inyo na halohalo ang maraming mga tao rito sa buong Tuguegarao ay masiglang humarap ngayon na tumutol laban sa pagsacop ng America nitong sangcapuluan at sinasabing ayao sila ng maiiba sa pagsasarili na canilang pinaglaban, at minamasarap pa ang mamatay sa sila'y pamahalaan ng iba at sumunod sa ibang mga ley, pero ang capootang tumutol ang lahat ng bayan nitong provincia na pauang nagpahayag ng gayon. Tanggapin nga ang lubos naming paganig niyang cagalang-galang na Gobierno Revolucionario. [18]

Samantala, noong Pebrero 24, 1899, isa na namang liham ang ipinadala ni Nepomuceno na bumabati sa tagumpay na tinatamasa ng hukbong sandatahan at patuloy na pagkilala sa pamumuno ni Aguinaldo. Narito ang kabuuan ng nasabing liham:

> ....Sa ngalan ng sangguniang panlalawigan na aking pinamumunuan, at ng buong lalawigan na Cagayan, ako ay buong karangalan na nagpupugay sa mga tagumpay ng ating bagong hukbong sandatahan, na hindi matutularan sa kasaysayan; na sa kabila na wala ni anumang tulong ng ibang bansa; at sa pamamagitan lamang ng ating puwersa, tayo'y nagtagumpay sa napakaigsing panahon na maitanghal ang ating tatlong kulay na bandila...Ang mga mabubuhay na bansa ay dadakilain ang iyong ala-ala, kagalang galang na pangulo, at bibigkasin ang inyong pangalan ng buong paggalang at paghanga... [19]

Noong Mayo 18, 1899, isang liham pa rin ang ipinadala ni Nepomuceno sa Kalihim ng Digmaan upang batikusin ang naging paninindigan nina Pedro Paterno at Felipe Buencamino na tanggapin ang

awtonomiyang iniaalok ng Amerika. Isinaad pa rin sa nasabing liham ang paninindigan ng lalawigan ng Cagayan na tutulan ang planong awtonomiya para sa Pilipinas. [20]

Samantala, ang mga Sangguniang Pambayan sa iba't ibang bayan sa Cagayan ay nagpadala rin ng pagkilala at suporta sa Unang Republika. Isang halimbawa nito ang liham ng pagbati ng Sangguniang Pambayan ng Alcala ng Nobyembre 20, 1898 sa tagumpay ng puwersang Pilipino sa pangunguna ni Aguinaldo sa pagpapatalsik sa mga Espanyol na nagbigay daan sa ganap na paglaya ng Pilipinas. Ang nasabing liham ay nilagdaan ng dalawampu't anim na lokal na opisyal ng nasabing bayan. [21] Maliban pa rito, ang Sangguniang Bayan pa rin ng Alcala ay muling nagpadala ng liham ng pagtutol na may petsang Enero 9, 1898 sa pananakop ng Amerika sa Pilipinas at inihayag ang kanilang hangarin na ganap na kalayaan ng ating bansa. Ang mga Sangguniang bayan na nagpadala rin ng liham ng pagtutol sa pananakop ng Amerika at suporta sa Pamahalaang Pilipino ay ang Aparri (Enero 9, 1899), Enrile (Enero 10, 1899), Iguig (Enero 11, 1899), Sto. Niño at Piat (Enero 15, 1899), Camalaniugan (Enero 20, 1899), Tuao (Enero 24, 1899) at Baggao (Mayo 16, 1899). [22]

## Ang Cagayan Matapos ang Rebolusyon

Ang rebolusyon sa Cagayan ay nagwakas nang masakop ng mga Amerikano ang Tuguegarao ng Disyembre 12, 1899. Kinabukasan, si Hen. Daniel Tirona, ang punong militar ng puwersang rebolusyunaryo sa Lambak ng Cagayan at ang kanyang mga sundalo ay sumuko sa puwersang Amerikano na nakadaong sa Aparri. Ang pagsukong ito ni Tirona ay pormal na nagwakas sa rebolusyon sa Cagayan at ang mga katutubong naghaharing-uri ng Cagayan ay unti-unti na namang nailagay sa posisyon sa pamahalaang itinayo ng Estado Unidos.

Kapuna-puna na sa unang pagpupulong na isinagawa ng Komisyon ng Pilipinas na pinangunahan ng mga komisyunadong Amerikano na sina Dean Worcester at Henry Ide sa Tuguegarao noong Agosto 22,

1901, ang mga nagsidalong mga kinatawan ng iba't ibang mga bayan ay ang mga principales rin na naging mga botante sa halalang isinagawa sa panahon ng Rebolusyon. Ang mga tumayong pinuno ng delegasyon ng bawat bayan ay lahat mga principales at ang iba ay humawak pa ng posisyon sa Pamahalaang Rebolusyunaryo. Ang mga opisyal at kinatawang ito ng bawat bayan ay mga ilang buwan pa lamang ang nakalilipas ay ang mga nagsilagda sa mga liham ng pagtutol sa pananakop ng Amerika at nangangakong makikipaglaban sa ganap na kalayaan ng bansang Pilipinas. Narito ang talahanayan ng mga tumayong pinuno ng delegasyon ng bawat bayan, ang kanilang kasalukuyang posisyon sa panahon ng pamahalaang Amerikano, at ang kanilang dating katayuan sa ilalim ng Pamahalaang Rebolusyonaryo:[23]

| Bayan | Pinuno ng Delegasyon | Kasalukuyang Posisyon sa Bayan (Agosto 22, 1901) | Posisyon sa Pamahalaang Rebolusyonaryo |
|---|---|---|---|
| Abulug | Don Juan Saggintig | Presidente | Principales/ Botante |
| Alcala | Don Santiago Baculi | Vice Presidente | Cabeza |
| Amulung | Don Valentin Canapi | Presidente | Delegado ng Pagbubuwis |
| Aparri | Don Alfonso Doneza | Presidente | Principales/ Botante |
| Baggao | Don Rafael Catolico | Presidente | Jefe Municipal |
| Buguey | Don Eusebio Limun | Presidente | Jefe del Pueblo |
| Camalaniugan | Don Manuel Sittana | Presidente | Principales/ Botante |
| Claveria | Don Mariano Nebab | Presidente | Principales/ Botante |
| Cordoba | Don Tomas Gannaban | Presidente | Principales/ Botante |
| Enrile | Don Tomas Carag | Presidente | Delegado ng Pulisya |
| Gattaran | Don Agustin Tapiru | Presidente | Cabeza |
| Iguig | Don Blas Rey | Presidente | Jefe Municipal |
| Lallo | Don Luis Aguilar | Presidente | Principales/ Botante |
| Malaueg | Don Juan Macalingay | Cabeza | Principales/ Botante |
| Mauanan | Don Isidro Cabbuag | Principales | Delegado sa Pagbubuwis |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nassiping | Don Anastacio Labrador | Presidente | Principales/ Botante |
| Pamplona | Don Esteban Meneses | Presidente | — |
| Peñablanca | Don Tiburcio Soriano | Presidente | — |
| Piat | Don Eusebio Genoveza | Vice Presidente | Delegado ng Pulisya |
| Sanchez Mira | Don Vicente Aquino | Presidente | Cabeza |
| Santo Niño | Don Pablo Triumfante | Presidente | Delegado ng Katarungan |
| Solana | Don Antonio Magdela | Vice Presidente | Principales/ Botante |
| Tuao | Don Juan Guzman | Presidente | Principlaes/ Botante |
| Tuguegarao | Don Sebastian Tuyuan | Presidente | Vice- Presidente |

Sa mga naging pinakamataas na pinuno (presidente) ng iba't ibang bayan noong Cagayan sa mga unang taon ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas, tatlo sa mga ito ay mga *jefe del pueblo*, isa ang dating pangalawang pangulo (vice-presidente), tatlo ang *cabeza de barangay*, lima ang naging mga opisyal ng bayan (delegado) at ang natira ay mga *principales* at naging mga botante sa naganap na halalan noong panahon ng rebolusyon.

Samantala, mula 1901 hanggang 1906, si Pablo Guzman ang nahalal na gobernador ng lalawigan at noong 1907, siya ring naging kinatawan ng Pambansang Asemblea ng Pilipinas. Dapat tandaan na si Guzman ang siya ring naging Tagapangasiwa sa Pananalapi o Pagbubuwis ng Cagayan ng sumabog ang Rebolusyon. Ngunit bago ang pagkakahalal kay Pablo Guzman, ang hiniling ng mga Amerikano na maging pansamantalang gobernador ay si Gracio Gonzaga na bagamat hindi katutubong Cagayano ay nanggaling rin sa mga naghaharing-uri. Si Gonzaga ay isang abogadong taga-Maynila na nakapag-asawa ng isang napakayamang Cagayana at nagsilbi rin bilang kasapi ng Hongkong Junta at Kalihim ng Kagalingang Pampubliko sa ilalim ng Unang Republika ng Pilipinas.

## KONGKLUSYON

Sa kabuuan, ang rebolusyon sa Cagayan ay naganap lamang bunga ng pagdating at pagpapalaya sa Cagayan ng mga

Rebolusyonaryong Tagalog ng Agosto 25, 1898 hanggang Disyembre 13, 1899 (pagsuko ni Tirona). Sa unang yugto ng rebolusyon, ang mga kaganapan sa Cagayan ay pawang mga balibalita lamang ng pag-aaklas at ang mga pinaghihinalaang mag-oorganisa at mamumuno nito ay kaagad ipinadakip at ito rin marahil ang isang dahilan kung bakit napigilan ang pagkalat ng rebolusyon sa Cagayan.



Ulos, 1996

Sa pagsakop at pagpapalaya ng mga Rebolusyonaryong Tagalog sa Cagayan, ito ay tinagurian lamang ng mga nakararaming Cagayano bilang isang pangkaraniwang pangyayari sa kadahilanang wala naman silang nakikitang ipinagkaiba nito sa mga namumuno sa pamahalaan. Ang mga lokal na naghaharing uri na nailagay sa puwesto sa panahon ng Rebolusyon o Unang Republika ay siya ring mga umukupa ng posisyon noong panahon ng mga Espanyol. Ang mga nagpatakbo at kinilala sa lalawigan ay pareho pa rin. Samakatwid, minsan pang pinatutunayan ng mga pangyayari sa Cagayan na ang mga naghaharing-uri lamang ang tanging nagtagumpay sa rebolusyong Pilipino.

Ang mga kaganapang ito sa panahon ng rebolusyon ay patuloy pa ring nagaganap hanggang sa kasalukuyan. Sa mga sumunod pang dekada, ang Cagayan ay patuloy pa ring dominado ng mga naghaharing uri. Sila ang mga piling tao na ang pinahahalagahan lamang

ay ang pansariling interes at napakabilis magpalit ng katapatan kapag idinikta ng pagkakataon.

Sa ngayon, ang patuloy na paghahari ng iilang pamilya sa pamamahala ng lalawigan ang nagiging pangunahing balakid sa pagtatamo ng mga tunay na adhikain ng rebolusyon sa lalawigan ng Cagayan. Ang kahirapan at patuloy na kawalan ng pagkakapantay-pantay ay nananatili sa lalawigan dahil ang kapangyarihan at kayamanan ay nananatiling nasa kamay ng iilan. Ang mga naghaharing uri na namumuno sa lalawigan ay nagsisipagpanggap na lingkod ng bayan ngunit sa katotohanan, ang pinangangalagaan lamang ay ang kanilang sariling kapakanan tulad ng pagkakaloob noong panahon ng rebolusyon ni Nepomuceno sa kanyang sarili ng taunang sahod na P2,000 bilang gobernador (*jefe*) na maituturing na labis-labis sa P420 na itinakda ng Republika para sa lalawigan.

Ang Cagayan ay higit na nakikilala sa mga dinastiya o "warlords" na nagdodomina sa lalawigan. Ang lalawigan ay halos nagiging kahulugan lamang ng apelyido ng ilang naghaharing-uri na kumokontrol sa kapangyarihan sa lalawigan. Kapag binanggit ang pangalan ng Cagayan, ang agarang binabanggit na pangalan ay ang pangalang Carag, Dupaya, Puzon, Enrile at sa kasalukuyan, Aguinaldo at Mamba.

Hangga't ang Cagayan ay kinokontrol ng iilang naghaharing-uri, na ang tanging mahalaga ay ang kanilang pansariling interes, ang mga adhikain o layunin ng Rebolusyon ng 1896 ay mananatiling pangarap para sa mga mamamayan ng lalawigan ng Cagayan kahit abutin pa tayo ng ikadalawangdaan taong anibersaryo ng Rebolusyong Pilipino.

## TALA

[1] Fr. Julian Malubres. ***Historia de Cagayan*** (Maynila: Limbagan ng Santo Tomas, 1918), p. 167-168.

[2] *Ibid.*

[3] *Ibid.*

[4] Virgilio D. Pobre Yñigo, "An unpublished Chronicle of Cagayan during the period of Philippine Revolution", ***Cagayan Almanac***, 1970, pp.24-25.

[5] Enrique Altamirano y Salcedo,***Relatos Historico de Actos y Heches***. Madrid: Imprenta de Carlos Perrin, 1902, pp.20-21.

[6] *Ibid*, p.22.

[7] *Ibid*, pp.37 at 39.

[8] ***Philipine Revolutionary Papers (PRP) With Associated Records of the United States War Department, 1900-1906***. (Washington: The National Archives, National Archives and Records Service, General Services Administration, 1958), UP Microfilm Bilang 3756, Galereda Blg. 682.

[9] John R.M. Taylor, ***The Philippine Insurrection Against The United States: A Compilation of Documents, With Notes and Introduction***, Tomo III (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971), Eks. 482, pp. 628-629.

[10] *Ibid.*, p. 630.

[11] *Ibid.*, pp. 628-629. Matatagpuan din sa *El Heraldo dela Revoluccion*, Oktubre 20, 1898, pp.50-60.

[12] *Ibid.*, pp.630.

[13] ***Philippine Revolutionary Papers*** (PRP), I-17 at I-46

[14] *PRP*, T-17, Folder II.

[15] Milagros C. Guerrero, "The Provincial and Municipal Elites of Luzon During the Revolution, 1898-1908," ***Philippine Social History: Global Trade and Local Transformation*** ( Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982), p.175.

[16] Taylor, Tomo IV, Eks.613, p.25.

[17] Guerrero, p169.

[18] ***El Heraldo dela Revolucion***, 12 Enero 1899, p.28.

[19] Taylor, Tomo IV, Eks. 612, pp.24-25.

[20] Taylor, Tomo IV, Eks. 879, p.640.

[21] Taylor, Tomo IV, Eks.559, pp.62-63.

[22] Ang kabuuan ng mga nilalaman ng mga nasabing liham ay matatagpuan sa *PIR*, I-17.

[23] ***Report of the Philippine Commission To The President***, Disyembre 1901, Tomo II (Washington: Government Printing Office, 1900), pp.255-264.